## Part 4: Ang Tungkol Sa Politica

### 4.5 SEPARATION

Napag-aralan natin na ang itinalaga ni Cristo na mamahala sa local church ay mga elders at maliwanag na binanggit sa Bibliya na ang kanilang tungkulin ay ang pagpapakain, pagkalinga, pagbibigay tanod sa mga kawan at ang pangangasiwa ng pamumuhay ng iglesya. Samantalang ang mga gobyerno sibil ay itinalaga ng Diyos ng pangangasiwa at pamamalakad ng kabuhayan ng mga mamamayan upang ang lipunan ay makapamuhay ng matahimik at ng may kabanalan.

- Ang itinalagang gawain ng Cristo sa gobyerno sibil ay?

  _____

  _____

- Ano ang gawaing itinalaga ni Cristo sa local church?

  _____

  _____

**PAG-ISIPAN:**

| | |
|---|---|
| Ang aking alam | Mahalagang malaman ko ang responsibilidad ng Gobyerno-sibil at Iglesya dahil: |
| | Hindi dapat magsama ang gobyerno-sibil at iglesya dahil: |

**PAG-ARALAN:**

Basahin ang mga talata at sagutin ang mga tanong.

- Roma 13: 1-7
  Ang bawat tao'y dapat pasakop sa mga pinuno ng pamahalaan, sapagkat walang pamahalaang hindi mula sa Diyos, at ang Diyos ang nagtatag ng mga pamahalaang umiiral. Kaya nga, ang lumalaban sa pamahalaan ay lumalaban sa itinalaga ng Diyos; at sila'y nararapat sa parusa. Ang mga pinuno ay hindi dapat katakutan ng taong gumagawa ng mabuti. Ang mga gumagawa lamang ng masama ang dapat matakot. Kung ayaw mong matakot sa mga namumuno, gumawa ka ng mabuti, at pararangalan ka nila. Sila'y mga lingkod ng Diyos para sa ikabubuti mo. Ngunit kung gumagawa ka ng masama, dapat kang matakot dahil sila'y may kapangyarihang magparusa. Sila'y mga lingkod ng Diyos, na nagpaparusa sa mga gumagawa ng masama. Kaya nga, dapat kayong pasakop sa kanila, hindi lamang upang hindi kayo maparusahan, kundi alang-alang na rin sa inyong budhi.

  Iyan din ang dahilan kung bakit kayo nagbabayad ng buwis. Ang mga pinuno ng pamahalaan ay mga lingkod ng Diyos at ito ang kanilang tungkulin. Ibigay ninyo sa bawat isa ang nararapat sa kanya. Magbayad kayo sa mga dapat bayaran at magbigay kayo ng buwis sa dapat buwisan; igalang ninyo ang dapat igalang at parangalan ninyo ang dapat parangalan.

- 1 Timoteo 3:1-7
  Totoo ang pahayag na ito: Ang sinumang nagnanais na maging tagapangasiwa sa iglesya ay naghahangad ng mabuting gawain. Kaya nga, ang isang tagapangasiwa ay kailangang walang kapintasan; isa lamang ang asawa, matino ang pag-iisip, marunong magpigil sa sarili, kagalang-galang, bukas ang tahanan sa iba, at may kakayahang magturo. Dapat hindi siya lasenggo, hindi marahas kundi mahinahon; hindi mahilig makipag-away at hindi maibigin sa salapi. Dapat mahusay siyang mamahala sa sariling pamilya, iginagalang at sinusunod ng kanyang mga anak. Sapagkat paano siyang makakapangasiwa nang maayos sa iglesya ng Diyos kung hindi niya mapamahalaan ang sarili niyang pamilya? Hindi siya dapat isang baguhang mananampalataya; baka siya'y maging palalo at mahatulan na gaya ng diyablo. Bukod dito, kailangang mabuti ang pagkakilala sa kanya ng mga hindi sumasampalataya upang hindi siya mapintasan at hindi mahulog sa bitag ng diyablo.

- Ano ang dapat gawin ng mga tao/mamamayan sa mga pinuno ng pamahalaan na nag-eexercise ng awtoridad sa kanilang nasasakupan?

  _____

- Sino ang kinakalaban ng tao sa tuwing lumalaban siya sa pamahalaan? _____
- Magbigay ng ilang katangian/qualifications ng isang tagapangasiwa ng simbahan.

  _____

  _____

**PAG-USAPAN:**

Walang umiiral na awtoridad ang may karapatang ituro na maaaring labagin ang batas ng Diyos. Hindi nararapat turuan ng magulang ang anak na maging kawatan o pulubi. Ang gobyerno ay walang karapatang utusan ang mga Cristiano na magtrabaho kapag Lord's day. Ang tao na inuutusan ng isang may kapangyarihan na suwayin ang Diyos ay under obligation na tanggihan ito. Kinakailangang sundin natin ang Diyos at hindi ang tao (Acts 5:29).

Ang tanong ay ito: Ano ang katungkulan ng mga elders at ng gobyerno-sibil?

Ang mga elders ay mayroong tungkulin na magturo, magsanay at maghanda ng mga Cristiano sa kanilang paglilingkod tungo sa pagkakaisa, paglago sa kaalaman at sa pag-unlad ng buong iglesya (Ephesians 4:11-13). Ang mga Cristiano ay dapat turuan, sanayin at ihanda rin sa pagiging asin at ilaw ng sanlibutan (Matthew 5:13-16). May tungkulin ang mga Cristiano na kalingain ang mga nagugutom, nauuhaw, mga homeless, walang kasamahan, may sakit at mga nasa kulungan (Matthew 22:39, 25:34-40).

Sa kabilang dako, inatasan ng Diyos ang gobyerno-sibil na ipagtanggol ang buhay at ari-arian ng mga mamamayan. Kaya dapat nilang panatiliin ang kapayapaan at kaayusan sa bansa; pangangalagaan ang kalikasan; ipagtanggol ang karapatan ng mga ordinaryong manggagawa laban sa mga mapag-samantalang negosyante o haciendero. Ang mga pinuno ng bayan ay may tungkuling ipatupad ang batas. Kung ito ay hindi maisasagawa, tiyak na kaguluhan ang maghahari sa bayan. Ang gobyerno ang dapat na magpatupad ng katarungan. Lahat ng pamahalaan ng tao ay itinatag ng Diyos para sa benepisyo ng mga nasa ilalim ng kanilang kapangyarihan, upang sila ay makapamuhay ng mapayapa, marangal at may kabanalan (1 Timothy 2:1-2).



Isang araw si Marco ay nagdesisyong magpaalam sa kanyang mga magulang na siya ay mag-uumpisa nang umattend sa Church nila Elder Leo, pumayag naman ang kanyang mga magulang. At siya rin ay nag-umpisang maghanap ng part time jobs upang makatulong sa kanyang mga magulang. Nakahanap nga si Marco ng part time ngunit ang kanyang work schedule ay Friday hanggang Linggo. Nakiusap si Marco na kung pwede ay Thursday hanggang Friday dahil ang linggo ay Lord's Day, ngunit hindi pumayag ang Manager ng company. Nagdesisyon si Marco na huwag ng tanggapin ang trabaho at maghanap nalang ng bago.

Sa iyong palagay, tama ba ang naging desisyon ni Marco?

_____

_____

Tandaan natin na ang iglesya at gobyerno-sibil ay parehong nasa ilalim ng kapangyarihan ng Panginoong Jesu Cristo. Ang dalawang institusyon na ito ay sadyang pinaghiwalay ng Panginoon at hindi dapat mag-agawan ng awtoridad at magpigilan sa pagpapatupad ng kani-kanilang mga tungkulin.

**PAG-BULAYBULAYAN:**

1. Bilang kabataan, paano mo ipapaliwanag sa iyong kapwa kabataan na ang Iglesya local at ang Simbahan ay pinaghiwalay ng ating Panginoong Jesuss?

   _____

   _____

2. Sa ating nabasang kuwento ni Marco, kaya mo rin bang gayahin sa Marco sa kanyang dedication sa iglesya na kaya niyang tanggihan ang trabahong inaalok sa kanya knowing na kasama ang Lord's Day?

_____

_____

| | |
|---|---|
| Natutuhan ko na | Mahalagang malaman ko ang responsibilidad ng Gobyerno-sibil at Iglesya dahil: |
| | Hindi dapat magsama ang gobyerno-sibil at iglesya dahil: |

**Verse of the Day:**

Sumagot si Pedro at ang ibang mga apostol, “Sa Diyos kami dapat sumunod, at hindi sa tao. ***Acts 5:29***